Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Patuloy na Pagiging Kwalipikado para sa mga Taong Nagtratrabaho (Seksyon 1619b))

## Ano ang mangyayari sa aking Medicaid kung ako'y nagtrabaho?

Sa karamihan ng mga kaso, kung ikaw ay **may kapansanan o bulag**, anuman ang edad, at ikaw ay may Medicaid bago ka nagtrabaho, ang iyong Medicaid ay magpapatuloy habang ikaw ay nagtratrabaho hangga't mayroon ka pa ring kondisyon na nagbibigay-kapansanan.

## I Kung ang aking mga benepisyo sa SSI ay tumigil dahil sa aking mga kita, maaari ko bang panatilihin ang aking Medicaid?

Sa karamihan ng mga kaso, maaari mong panatilihin ang iyong Medicaid kahit na sobra ang iyong kinikita upang makatanggap ng isang buwanang benepisyo sa SSI basta:

- ikaw ay **mayroon pa ring kapansanan o bulag**; at
- tinutupad mo ang lahat ng **mga kwalipikasyon para sa SSI**, maliban sa halaga ng iyong mga kita; at
- ikaw ay dating kwalipikadong tumanggap ng isang regular na salaping bayad ng SSI para sa isang buwan man lamang bago ka naging kwalipikado sa ilalim ng **Seksyon 1619** ng Social Security Act; at
- ikaw ay dating kwalipikado para sa Medicaid coverage sa buwan bago ka naging kwalipikado sa ilalim ng **Seksyon 1619**; at
- kailangan mo ng patuloy na Medicaid upang magtrabaho; at
- hindi sapat ang iyong kita upang palitan ang mga salaping benepisyo ng SSI, mga benepisyo sa Medicaid, at personal na pangangalaga o pangangalaga ng katulong na pinondohan ng pamahalaan at na mawawala dahil sa iyong mga kita.

## Mga Halaga para sa Bawat Estado

Ang halaga na maaari mong kitain habang tumatanggap pa rin ng Medicaid ay nag-iiba-iba sa iba't-ibang Estado. Masasabi namin sa iyo kung ano ang halaga sa iyong Estado, o maaari mong bisitahin ang: **www.socialsecurity.gov/disabilityresearch/wi/1619b.htm**

Kung ang iyong mga kita ay mas mataas kaysa sa halagang ito, ngunit ikaw ay may mga hindi-pangkaraniwang gastos sa trabaho o mga medikal na gastos, maaari ka pa ring kwalipikado para sa Medicaid.